

# MAGING TIYAK KA SA DIYOS



At mababasa Ito nang ganito.

*At si Elias na Thisbita, na . . . isang nakikipamayan sa Gilead, ay nagsabi kay Ahab, Buhay ang PANGINOONG Dios ng Israel, na ako'y nakatayo sa harap niya, hindi magkakaroon ng hamog o ulan man sa tatlong mga taong ito, kundi ayon sa aking salita.*

*At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa kaniya, na nagsasabi,*

*Umalis ka rito, at lumiko ka sa dakong silanganan, at magkubli ka sa tabi ng batis Cherith—Cherith, (ibig kong sabihin) na nasa tapat ng Jordan.*

*At mangyayari, na ikaw ay iinom sa batis; at aking iniutos sa mga uwak na pakanin ka . . .*

*Sa gayo'y naparoon siya at ginawa ang ayon sa salita ng PANGINOON: sapagka't siya'y pumaroon at tumahan sa tabi ng batis Cherith, na nasa tapat ng Jordan.*

*At dinadalhan siya ng mga uwak ng tinapay at laman sa umaga, at tinapay at laman sa hapon; at siya'y umiinom sa batis.*

*At nangyari, pagkaraan ng sanggayon, na ang batis ay natuyo, sapagka't walang ulan sa lupain.*

*At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa kaniya, na sinasabi,*

*Bumangon ka, at paroon ka sa Sarepta, na nauukol sa Sidon, at tumahan ka roon: narito, aking inutusan ang isang baong babae roon na pakanin ka.*

*Sa gayo'y bumangon siya at naparoon sa Sarepta. At nang siya'y dumating sa pintuan ng bayan, narito, ang baong babae ay nandoon na namumulot ng mga patpat: at tinawag niya siya, at sinabi, Isinasamo ko sa iyo na dalhan mo ako ng kaunting tubig sa inuman, upang aking mainom.*

*At nang siya'y yumayaon upang kumuha, tinawag niya siya, at sinabi, Dalhan mo ako, isinasamo ko sa iyo, ng isang subong tinapay sa iyong kamay.*

*At kaniyang sinabi, Ang PANGINOON mong Dios ay buhay, ako'y wala kahit munting tinapay, kundi isang dakot na harina sa gusi, at kaunting langis sa banga: at, narito, ako'y namumulot ng dalawang patpat, upang*

*ako'y pumasok at ihanda sa akin at para sa aking anak, upang aming makain, bago kami mamatay.*

*At sinabi ni Elias sa kaniya, Huwag kang matakot; yumaon ka at gawin mo ang iyong sinabi: nguni't igawa mo muna ako ng munting tinapay, at ilabas mo sa akin, at pagkatapos ay gumawa ka para sa iyo at . . . sa iyong anak.*

*Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOONG Dios ng Israel, Ang gusi ng harina ay hindi makukulangan, o ang banga ng langis man ay mababawasan, hanggang sa araw na magpaulan ang PANGINOON sa ibabaw ng lupa.*

*At siya'y yumaon nang pumasok at ginawa ang ayon sa sabi ni Eliseo: at ang babae, at siya, at ang kaniyang sangbahayan, ay kumain ng maraming araw.*

*At ang gusi ng harina ay hindi nakulangan, o ang banga ng langis man ay nabawasan, ayon sa salita ng PANGINOON, na sinalita sa pamamagitan ni Elias.*

Para sa ipangungusap ngayong umaga, bago muna ako pumunta sa ibayong dagat, ay pumili ako ng isang teksto, tungkol dito sa: *Maging Tiyak Ka Sa Diyos.*

<sup>2</sup> At ngayon, Panginooon, pagpalain Mo po ang Iyong Salita habang Ito ay isinasalita, at sakupin nawa ng Espiritu Santo ang aming mga isipan at aming mga pag-iisip, at ihanda kami para sa Kanyang pagdalaw, dahil aming hiniling sa Kanya na Siya'y pumarito. Sapagkat hindi kami pumaparito sa bahay ng Panginooon upang makita, o upang makakita, kundi upang matuto tungkol sa Iyo, at upang malaman ang Iyong kalikasan, at ang Iyong kaparaanan, at ang Iyong mga layunin, nang sa gayon ay magawa naming harapin ang mga suliranin sa buhay, na may tunay na katiyakan, na nakatitiyak sa Diyos. Ipagkaloob Mo po ito, Panginooon. Sa Pangalan ni Jesus ay amin itong hinihiling. Amen.

<sup>3</sup> Marahil noon ay isang kakila-kilabot na umaga. Napakaalinsangan at maalikabok, at nasa lansangan ang mga tao, namamatay na sa gutom, at napakainit ng lupa na handa na itong magliyab. Ang lahat ng ito ay sumasalamin sa kanilang mga kasalanan at pagkabulok ng kanilang moralidad.

<sup>4</sup> Nakita n'yo, naghahari noon si Ahab sa—sa Israel, nang panahong iyon, o sa ibabaw ng Israel, at siya ang pinakamasama sa lahat ng mga hari ng Israel. Walang naging hari noon na kasingsama ni Ahab, sapagkat siya, na naturuan naman at alam ang mas mabuti, hindi siya nabigo na patuloy na galitin ang Diyos sa lahat ng bagay na ginagawa niya. Bagama't may matatag siyang sistemang militar, at naging napakaunlad ng pamumuhay ng mga mamamayan sa kanyang paghahari, ngunit,

ganoon pa man, hindi mo maaaring galitin ang Diyos at tapos ay umasa na makakalusot ka nang matagal-tagal.

<sup>5</sup> At pagkatapos, sa kanyang kasal, imbes na pumili ng mapapangasawa mula sa kanyang sariling mga kababayan, pumaroon siya sa kabila at pinakasalan ang isang makasalanan, isang sumasamba sa mga diyos-diyosan, pagsamba sa mga diyos-diyosan. Pinakasalan niya si Jezebel. At hindi ito isang mananampalataya.

<sup>6</sup> At kailanma’y walang mananampalataya ang dapat na mag-asawa ng isang di-mananampalataya, maging ano pa man ang sitwasyon. Kailangan laging mananampalataya ang pakasalan.

<sup>7</sup> Subalit ginawa ni Ahab ang masamang bagay na ito. At walang alinlangan na magandang babae si Jezebel. At nahulog si Ahab sa kung ano ang itsura niya, sa halip na sa kung ano siya. Gayon nga ang napakaraming tao, na gayon din ang nagagawang pagkakamali, hanggang sa panahon na ito.

<sup>8</sup> At dinala nito sa bansa ang pagsamba sa mga diyos-diyosan, sa mga tao. At ang mga tao, ang mga saserdote, ang kanilang mga ministro, ay nangabiktima nitong makapangyarihang dikta ng nakararami na ito.

<sup>9</sup> At ito na nga mismo ang larawan ng ating bansa ngayon. Nahulog na tayo sa ilalim ng dikta ng nakararami. Walang alinlangan na inakala ng mga saserdote na ayos lang iyon, hangga’t sinasang-ayunan iyon ng kanilang gobyerno. Ngunit wala akong pakialam maging ano pa man ang sang-ayunan ng gobyerno, ito dapat ay kung ano ang sasang-ayunan ng Diyos. At inakala ng mga tao na ayos lang kung nakisali sila sa ilan sa mga makasanlibutang mga bagay ng mga ito.

<sup>10</sup> At maaaring may hihiling sa akin na balikan ko ang kasasabi ko lang, na iyon noon ay isang kaparehong larawan ng ngayon. Maaaring hindi natin ipinapalagay na mga sumasamba tayo sa mga diyos-diyosan, ngunit ganoon nga tayo. At itinataguyod iyon ng gobyerno. Ang mga tao sa panahong ito ay mga sumasamba sa mga diyos-diyosan, dahil sa sila—sumasamba sila sa mga diyos-diyosan. Ang iba sa kanila ay sumasamba sa mga artista sa pelikula, bilang mga idolo. Ang iba ay sumasamba sa salapi, bilang mga diyos-diyosan. At ang iba ay sumasamba sa mga artista sa telebisyon, bilang mga idolo. Subalit ang lahat ng inuuna mo bago ang Diyos ay isang diyos-diyosan, maging ano pa man iyon.

<sup>11</sup> Maging kay satanas, ang ating pinakamatinding kaaway, ay isang napakatalino, hanggang sa naipauuna pa nga niya, kung minsan, ang iglesya bago ang Diyos. Maaaring may malaki kang iglesya. Maaaring ’yun ay isang malaking gusali, o maaaring ’yun ay isang kilalang denominasyon. At, muli, maaaring isa iyong malaking kongregasyon, subalit huwag mong hayaang

may mauna bago ang Diyos, sa iyong puso. Ang anumang bagay, at bago ang Diyos, ay isang diyos-diyosan.

<sup>12</sup> At alam ng mga taong ito na hindi sila espirituwal na gaya ng dati, sa ilalim ng pamamahala noon ng ibang mga hari. At inakala nila, na dahil lang sa isa silang relihiyosong bansa, na magiging ayos lang ang lahat. At ganoon din naman tayo na humantong na sa puntong iyon.

<sup>13</sup> Ilang buwan na ang nakararaan ay kausap ko ang isang napakabuti kong kaibigan. At sabi niya, “Kapatid na Branham, sa palagay ko’y masyado mong pinag-iinitan ang Estados Unidos na ito.” Sabi niya, “Lagi kang nakabulyaw sa kasalanan at kung paanong parurusahan ng Diyos ang bansang ito.”

<sup>14</sup> Sabi ko, “Kinakailangan Niyang gawin iyon, upang maging makatarungan.”

Sabi niya, “Pero, Kapatid na Branham, nakakalimutan mong naitatag ang bansang ito sa ibabaw ng Mga Kasulatan. At dumating dito ang ating mga ninuno, at ipinagkaloob sa atin ng Diyos ang pag-aaring ito. At tayo ay isang bansang relihiyoso.”

<sup>15</sup> Sabi ko, “Totoo iyon, lahat ng iyon. At walang nakakaalam kung gaano ko ipinagpapasalamat ang bansang ito! Ngunit, tingnan mo, kapatid ko, pinili din naman ng Diyos ang Israel, at nagsugo Siya rito ng mga propeta at mga dakilang tao. Subalit hindi magagawang matagalan ng Diyos ang kasalanan. Ipaani Niya sa Israel ang bawat butil na itinanim nila. At kung ginawa Niyang ipaani sa Israel ang itinanim nito, ipaani rin Niya kung ano ang itinanim natin. Wala Siyang kinikilingang tao.”

<sup>16</sup> At humantong na tayo kung saan iniisip na natin na dahil sa nakasandig tayo sa ginawa ng ating mga ninuno, o sa kung ano ang ginawa noon ng mga dakilang tagapagtatag ng ating mga iglesya, kung ano ang kanilang naging malaking pagpapakasakit sa Diyos noon, na mainam naman at lubos na ipinagpapasalamat, subalit hindi tayo maaaring magtamo ng kaligtasan sa ginawa nila! Ang kaligtasan ay isang indibidwal na bagay sa pagitan ng bawat tao at ng Diyos. Hindi sa bansa, sampu ng ating iglesya, kundi ng ating mga sarili sa harapan ng Diyos, ay mananagot tayo.

<sup>17</sup> Humantong na ito sa ganoong kalagayan sa ating bansa, hanggang sa maging sa gitna ng mga pinakaespirituwal na mga taong mayroon tayo, pumunta ka sa mga espirituwal na kalalakihan at kababaihan, at malalaman mo na sa kanilang puso ay may bagay na kulang.

<sup>18</sup> Kami ay, nitong mga huling ilang linggo, pinag-aaralan ko ang ilan sa mga bagay na ito, at napag-alaman na sa loob ng mga tao na inakala kong binhi na, gayunma’y nakita kong mas pinahalagahan pa nila ang mga bagay na pansamantala, nag-iikot at nagsasabi, “Pinagkalooban ako ng

Diyos ng pinakamalaking *ganito-at-ganoon*. Nagkakaloob ang Diyos ng . . .” Nagkukunwa-kunwarian ka.

<sup>19</sup> Ang masaganang mga materyal na bagay ay hindi laging nasa kalooban ng Diyos. Nagpapaulan ang Diyos sa mga matuwid at sa mga di-matuwid. Subalit ang kailangan ngayon ng sanlibutan ay hindi isang pagkukunwa-kunwarian ng pananampalataya, para pilitin mong papaniwalain ang iyong sarili sa isang bagay at tapos tatawagin mo itong espirituwal.

<sup>20</sup> Kung minsan gagawa ang pananampalataya ng mga kamangha-manghang himala, at gayunma’y hindi pa rin mula sa isang espirituwal na puso. Hindi ba’t sinabi ng ating Panginoon? “Marami ang lalapit sa Akin, sa araw na iyon, at magsasabi, ‘Hindi ba’t ginawa ko ang *ganito* at *ganoon*, sa Iyong Pangalan?’ At ipahahayag Ko sa kanila, ‘Lumayo kayo sa Akin, kayong mga manggagawa ng katampalasanan.’” Ano ba ang katampalasanan? Ay bagay na alam mong tamang gawin at hindi mo ginagawa. “Hindi Ko kayo nakikilala,” sasabihin Niya. At nabubuhay na tayo sa ganyang panahon na.

<sup>21</sup> Ang kailangan natin ngayon ay hindi maraming mga materyal na bagay. Mayroon na tayo niyon. Hindi na natin kailangan ng mas maiinam na iglesya. Hindi natin kailangan ng mas malalaking kongregasyon. Hindi natin kailangan ng mas marami pang nasa radyo at sa telebisyon. Hindi natin kailangan ng napakarami pang mga ganyang bagay. Kundi ang kailangan natin ngayon, upang maging espirituwal, ay isang tao na magpapakumbaba ng kanilang sarili sa harapan ng Diyos, kung wala man sila ni isang kusing, at mananalangin hanggang sa ang espiritu sa loob nila ay masiyahan sa kabutihan ng Diyos, at isang rebaybal ang maganap sa loob ng kanilang puso, na babago sa kanilang mga pag-uugali at kapaligiran na pinamumuhayan nila.

<sup>22</sup> Maaaring wala kang suot ni isang pares ng sapatos sa iyong mga paa, maaaring nakadamit ka ng basahan, subalit may bagay naman sa puso mo na umaawit ng mga himig ng Diyos. Mas gusto ko pang magkaroon nito kaysa ng lahat ng salapi sa sanlibutan.

<sup>23</sup> Kaya hindi n’yo masasabi na ang mga natural na bagay ay laging siyang tanda ng pagpapala ng Diyos. Sinabi iyon noon ni David sa Panginoon, na nakakita siya ng masama na lumalaganap ang kanyang . . .na gaya ng isang malaking punongkahoy sa kanyang lupang tinubuan. Subalit tinanong siya ng Diyos, “Tiningnan mo na ba siya sa kaduluhan?” Gaano pa man kaganda ang mga damit na isinusuot natin, gaano pa man karami ang kailangang kainin natin, hindi iyon ang paroroon sa Presensiya ng Diyos. Ang katawang ito na tinatahanan natin, ay mamamatay, maging gaano pa man ito maalagaan. Subalit ang kaluluwa na nasa loob ng tao; ito ay

isang kalagayan ng espiritu na mapupunta sa Presensiya ng buhay na Diyos.

<sup>24</sup> Subalit wala tayong gaanong pahalaga sa mga bagay-bagay. Iniisip natin na dahil lang sa tayo ay isang bansang . . . Gayundin naman na si Ahab at ang buong Israel, noong panahong iyon, ay hindi pinahalagahan ang mga bagay-bagay, na ayos lang ang lahat ng bagay. Sinikap ng kanilang mga saserdote at mga mangangaral na sabihin sa kanila, “Mabuti naman ang lahat. Sadyang ayos lang ang lahat.” Subalit may isa noon sa kanila, sumigaw siya laban sa maling bagay, dahil alam ng isang ito na hindi masisiyahan ang isang banal na Diyos sa mga makabagong kalakaran ng isang di-banal na relihiyon.

<sup>25</sup> Gayon din na ang Diyos ng Kalangitan ay nananatiling gayon pa rin sa araw na ito. Sa lahat ng ating mga pagsusumikap at malalaking bagay na sinisikap nating gawin, hindang-hindi malulugod ang Diyos nang labas sa isang ganap na binanal na buhay sa harapan Niya.

<sup>26</sup> Magtayo man tayo ng mga paaralan, at mga dambana, at mga tabernakulo. Magkaroon man tayo ng mga organisasyon. Gumawa man tayo ng mga dakilang bagay, subalit gayon pa man ay hindi masisiyahan ang Diyos hanggang sa mabanal muna ang kaluluwa ng tao sa altar ng Diyos, itinalaga para sa mga gawain ng Diyos. At hindi ka na nakakakita pa ng ganyan.

<sup>27</sup> Makikita mo na napakahina ng ating mga pakikipagtipon para sa pananalangin, mga isang minuto lang ng panalangin, tatalon na sa highaan. Nakikita natin na nangyayari iyon ng mga isa o dalawang beses sa isang araw. Gayong, lahat tayo ay ginagawa rin iyan. Ang ating bansa, sa moralidad, ay nabubulok na. May mga Billy Graham at mga Oral Roberts tayo sa lahat na ng dako. Subalit hanggang sa magkaroon ng pagkauhaw sa puso ng Amerika, upang dalhin ito pabalik sa isang buhay na Diyos muli, sa isang buhay na karanasan, sa isang walang maliw na pananampalataya sa buhay na Diyos. Pinupukpok lang natin ang ating mga utak, gaya nga ng sinasabi, kakaisip.

<sup>28</sup> Maaaring maglakad tayo na nakaliyad ang ating dibdib, na nakapalikod ang ating mga kuwelyo, at maglalakad doon sa lansangan, at magnanais na matawag na “Doktor” o “Reberendo.” Maaaring pinapastoran nga natin ang pinakamalalaking iglesya na mayroon sa lupain, at maaaring napakarelihiyoso nga natin sa abot ng makakaya natin, na walang tao na makakapagturo ng mali sa ating buhay. Subalit hanggang sa ang kaluluwa na ’yan na nasa loob natin ay nag-aapoy para sa Diyos, hanggang sa may bagay diyen sa loob, iyang pananabik sa Kanya! “Kung paanong humihingal ang usa sa pagkauhaw sa tubig ng mga batis, kinauuhawan Ka ng aking kaluluwa, O Diyos.” Hanggang sa humantong muna tayo sa ganoong uri ng karanasan!

<sup>29</sup> Kaya nga, ang komunismo, at iba pa, ay susulong gaya ng nangyayari na sa mga ito, at hindi ito mapipigilan ng lahat ng pagsasama-sama na magagawa natin. Sinabi na noong una pa na darating nga ito. Subalit tinatawag na ng Diyos ang Kanyang Iglesya.

<sup>30</sup> Gaanong itong munting babaeng ito marahil ay kasing kalibre ni Elias! Dahil, madalas na ipinapakita ng iyong kilos kung ano ka. At, muli, napili siya upang mag-asikaso sa propeta ng Diyos. Alalahanin n'yo, Gentil siya, hindi isang Judio.

<sup>31</sup> At nasisira na sa pagkatuyot noon ang lupain. At walang alinlangan na ang munting babaeng ito, na nasa ganoong kalibre, na tipo ng mananampalataya. . . Sapagkat nakikita natin na hindi sana siya tinawag ng Diyos, kung hindi siya naging isang karapat-dapat na mag-asikaso sa propeta ng Diyos. Sapagkat hindi Niya papupuntahin ang Kanyang propeta sa isang bahay na hindi karapat-dapat.

<sup>32</sup> Hindi niya ito pinili. Pinili iyon ng Diyos. Hindi ang babaeng iyon ang nag-utos sa kanya. Ang Diyos ang nag-utos sa kanya. Ipinuwesto na siya noon sa tabi ng batis. Pinapakain siya ng mga uwak. Subalit utos ng Diyos na maganap ang isang bagay. At tunay nga na pumunta ang Diyos sa isang mananampalataya na may kaparehong kalikasan ni Elias.

<sup>33</sup> Siya ay isang balong babae. At alam nating lahat kung ano ang dinanas niya, na isang babaeng balo, ang dinanas niya marahil, na patay na ang kanyang asawa at mayroon pa siyang anak na batang lalaking dapat palakihin.

<sup>34</sup> At sa mga lupain doon, umaasa sila sa kanilang mga pananim. Wala silang mga proyekto na gaya ng mayroon tayo ngayon, at—at mga pagawaan ng mga kagamitang pangdepensa. Umaasa sila sa kanilang mga pananim. At dahil sa ang kasamaan ng mga tao, at ang kanilang moralidad na nabubulok na, ay naghatid ng tagtuyot sa lupain, heto na sila't nangagugutom lahat at nangamamatay na.

<sup>35</sup> At pagkatapos napag-alaman natin na walang alinlangang nanalangin siya gabi-gabi, buong magdamag, habang nakikita niya ang harina sa gusi na papaunti na, nang papaunti, nang papaunti. At umabot na ito marahil hanggang sa punto na ni wala nang isang tasa ng harina sa gusi. Kakarampot na lang ang mayroon siya. Parating na ang kamatayan doon sa tarangkahan, sa kanyang pintuan. Dahil imposible nang may makukuha pa. Namamatay na sa gutom ang buong bansa.

<sup>36</sup> At, ang langis, ay halos isang kutsara na lang ang natira sa maliit na lalagyan. Ganoon na lang kakaunting langis at ganoon kakaunting harina ang nakalagay sa pagitan niya at ng kamatayan. Naging talagang taos-puso siya marahil sa kanyang mga panalangin. Hayaang dumating iyan sa iyong tahanan, magiging medyo mas taos-puso pa iyon kaysa sa kung ano

tayo ngayong umaga, kapag alam nating nakaamba na ang kamatayan sa pintuan.

<sup>37</sup> At naniniwala ako, marahil, iisipin natin, siguro, ito, na nanalangin siya nang buong magdamag, na makaraos pa ng isa pang araw. Nakikita niya ang namumutlang mga labi ng kanyang munting anak na lalaki na mga tatlo o apat na taong gulang. At nakikita niya ang sarili niyang mga buto na nagninipis na nang husto, dahil nahahapak na ang laman ng mga iyon. At kahindik-hindik na bagay marahil iyon, habang ang inang ito, ay nakikita na nagaganap ang mga bagay na iyon. At, gayunman, nakataas ang mga kamay niya sa harapan ng Diyos, nananalangin araw at gabi, “Ngayon iisang dakot na harina na lang ang natitira sa amin at isang kutsarang langis.”

<sup>38</sup> Alam n’yo, kakaibang bagay ito. Ibaon nawa ito ng Diyos sa bawat isa sa inyo, kung hindi n’yo man ako maring pang muli na mangaral. Ito nawa ay maging isang mensahe. Kakaiba, napakakakaiba, na ginagawa ng Diyos kung minsan ang mga bagay sa gayong paraan.

<sup>39</sup> Alam n’yo, kapag naipahayag na natin ang ating mga kasalanan at natugunan ang bawat kinakailangan na hinihingi ng Diyos. . . Nanampalataya tayo sa Diyos. May mga katayuan na kailangang katagpuin, at iyon ay ayon sa Kanyang kalooban. At naipahayag na natin ang ating mga kasalanan, at nagawa na natin ang lahat ng mga kamaliang nagawa natin, na maitama, ginawa na ang lahat ng alam nating gawin. Ang lahat ng hinihingi ng Diyos, o hiniling, natugunan na natin ang hinihinging iyon, at ganoon pa man nananatili Siyang tahimik. Sadyang hindi Niya tayo sinasagot.

<sup>40</sup> Natitiyak kong nangungusap ako sa mga tao, ngayong umaga, na nakaabot na sa ganoong kalagayan. Nanggaling na ako sa ganoon, maraming beses na, mismo. Kapag binalikan ko at sinundan ko ang yapak ng buhay ko pabalik at itinaob ang bawat bato, at makikita kong may nagawa akong mali, ipahahayag ko iyon at sasabihin, “Panginoong Diyos, itutuwid ko iyon,” at gagawin ko nga ang gayon. Saka babalik na muli at sasabihin, “Ngayon, Panginoon, Ikaw ay Diyos; tutugunin Mo ako. Tunay ngang natugunan ko na ang bawat kahilingan na hinihingi Mong gawin ko. At ang bawat kahilingan, ay natugunan ko na.” At gayunma’y hindi pa rin Siya kikilos, para bang narooong nananahimik, doon mo kailangang maging tiyak na Siya ay Diyos. Huwag kang panghinaan ng loob. Ang tanging bagay lang ay, na, sa iyong puso, na maging tiyak ka sa Diyos.

<sup>41</sup> Ang aking teksto. Maging tiyak ka, muna, bago ka gumawa ng anumang bagay. Maging tiyak ka, sa iyong puso, na ang Diyos nga iyon. At kapag nagawa mo na ang lahat ng bagay na sinabi Niya, pagkatapos ay tiyak mong Siya’y Diyos, doon na gagawa



ang pananampalataya, doon mismo. Ang pananampalataya ay tumatayong matatag, sapagkat alam nito na Siya nga ay Diyos.

<sup>42</sup> At natugunan mo na ang bawat hinihingi. Nananampalataya ka na Siya nga ay Diyos, at nananatiling matatag ang pananampalataya. Oh, purihin ang Kanyang Pangalan! Hindi matitinag ang pananampalataya, sapagkat ito'y nakatitiyak na ang Diyos nga ay Diyos, at siyang tagapagbigay ng gantimpala doon sa mga sa Kanya'y masakap na nagsisihanap.

<sup>43</sup> Maibaon nawa ito roon sa kalaliman at hindi kailanman mawala sa inyo, Branham Tabernacle. Kung natugunan na ninyo ang mga hinihingi ng Diyos, at nananampalataya kayo sa inyong puso na Siya nga ay Diyos, sinusubukan lang ng Diyos ang pananampalataya ninyo, dahil gustung-gusto Niyang ginagawa iyon. Kung ikinumpisal mo na ang iyong kasalanan at natugunan mo na ang bawat kinakailangan na hinihingi ng Diyos, at gayunma'y nananatili Siyang tahimik, tandaan, sinasabi ng pananampalataya na Siya nga ay Diyos. Kung gayon manghahawakan doon ang pananampalataya, hindi man nalalaman kung tungkol saan ba ang lahat ng iyon, subalit alam nito na Siya nga ay Diyos, at tiyak nito na Siya nga ay Diyos.

<sup>44</sup> Kung gayon, tandaan n'yo, kung Siya nga ay Diyos, ang Mga Salita Niya ay tiyak na totoo. At kung hinihingi Niya sa iyo na katagpuin mo itong mga katayuan na ito, at ginawa mo, obligado Siya na isakatuparan ang Kanyang Salita. Huwag kang umatras, at sasabihin, "Buweno, hindi ako napagalang. Ako . . ." Oh, ikaw na kawawang mahinang pananampalataya. Huwag mong paniwalaan 'yan. Kung naipahayag nang lahat, at nailabas nang lahat, at nagawa mo na ang hinihingi ng Diyos, ang pananampalataya ay manghahawakan doon mismo. Walang makakatinag nito. Siya nga ay Diyos, at nakatitiyak ka. "Silang naghihintay sa Panginoon ay mangagbabago ng kanilang lakas; sila'y paiilanlang na may pakpak ng agila. Sila'y magsisitakbo at hindi mapapagod; kung sila'y magsisilakad, hindi sila manghihina."

<sup>45</sup> Maghintay ka, kapag nagawa mo na ang Kanyang mga hinihingi. Dinadala nun ang iyong pananampalataya sa isang pakikipagtuos. Kung natugunan mo na . . . nagawa na ang mga hinihingi ng Diyos, o natugunan na, at binulay-bulay mo na itong mabuti, at nagawa mo na ang lahat ng hinihingi ng Diyos na gawin mo, kung gayon ay sasandig na ang iyong pananampalataya roon mismo, na Siya nga ay Diyos. Maging tiyak ka sa Diyos.

<sup>46</sup> Alam n'yo, gustung-gusto Niya tayong sinusubok. Gustung-gusto Niyang makita ang reaksyon ng iyong pananampalataya. Alam n'yo ba 'yon? Gusto ng Diyos na makita kung magiging ano ang reaksyon mo. Kapag sinasabi mo, "O Panginoon, sumasampalataya ako sa Iyo. Ikaw ang aking Tagapagligtas.

Naniniwala ako na Ikaw ang Tagapagpagaling. Naniniwala ako na Ikaw Yaong nagkakaloob ng Espiritu Santo. At ang mga bagay na hinihiling ko, Ikaw ang Diyos na Siyang nagkakaloob niyon.” At pagkatapos kapag naipahayag mo nang lahat ang iyong mga kasalanan at mangangako sa Diyos ng kung ano ang gagawin mo kapag ipinahintulot Niyang gumaling ka, at pagkatapos dahil hindi iyon naganap, tatakbo kang gaya ng isang duwag sa kung saan. Hindi iyan magagamit ng Diyos. Wala nang paraan pa para sa Kanya na magamit ka pa. Wala nang paraan pa para sa Kanya na masagot ka pa, dahil tumutugon lamang Siya sa pamamagitan ng pananampalataya. Pagkatapos, bigla na lang, aalis ka, at hindi na Siya makatutugon. Subalit ang tunay na totoong pananampalataya ay nananatili roon, na nakatitiyak na ang Diyos nga. Maging tiyak ka na Diyos nga Siya.

<sup>47</sup> At kung hiniling ng Diyos na magawa ang bagay na ito, na ipahayag ang iyong mga kasalanan, at iba pa, at ginawa mo iyon, sinasabi ng pananampalataya na Siya nga ay Diyos, tiyak na mangyayari iyon. Kinakailangang maipagkaloob ang iyong kahilingan. Oh, ako—umaasa akong hindi n’yo mapalampas ’yon. Kung nakatitiyak kayo sa Diyos, ang Diyos ay tiyak sa Kanyang Salita. Naghihintay lang Siya para subukin kayo.

Maraming beses na Niyang ginawa iyon. Muli nating balikan ang isa o dalawang pangyayari.

<sup>48</sup> Isipin natin ang mga anak na Hebreo. Hindi sila nararapat na yumukod sa isang diyos-diyosan. May tiwala sa kanila ang Diyos. At noong marinig nilang kailangan nilang pumaroon sa naglalagablab na pugon, sabi nila, “Kaya kaming iligtas ng aming Diyos mula sa pugon na ito. Subalit kung hindi man Niya gawin, hindi pa rin kami yuyukod sa alinman sa inyong mga diyos-diyosan.” Kita n’yo, sila’y sigurado at tiyak sa Diyos.

<sup>49</sup> Alam nilang Siya ay Jehovah. Alam nilang tumutugon Siya ng panalangin. Subalit gawin man nga Niya sa kaso nilang iyon, o hindi, tiyak na para ’yon sa ikabubuti. Kaya sinabi lamang nila ang kanilang pahayag, ipinahayag ang kanilang mga kasalanan, at lumakad na patungo sa kamatayan.

<sup>50</sup> Noong patungo na sila sa naglalagablab na pugon, nalalaman na sila’y nakatitiyak, na, kung hayaan man ng Diyos na sila’y masunog, ay Kanya naman silang ibabangon na muli, sa muling pagkabuhay. Tiyak sila sa Diyos, dahil sa alam nilang paglalakip-lakipin ng Diyos na gumawa ang lahat ng bagay para sa kanilang ikabubuti. At kapag tiyak tayo sa Diyos, alam nating paglalakip-lakipin ng Diyos na gumawa ang lahat ng bagay para sa ating ikabubuti.

<sup>51</sup> Kaya, nagsabi sila ng isang pahayag. Tiyak sila, at lumakad sila papasok mismo sa naglalagablab na pugon. At hinayaan

silang lumakad doon ng Diyos; naroroon, nakatunghay sa kanila. Nais Niyang makita ang kanilang reaksyon.

<sup>52</sup> Nang sandaling iyon, sabi ng hari, “Yumukod ba kayo nang tumunog ang trumpeta?”

Sabi nila, “Hindi. Hindi po kami yumukod.” Hayan ang inyong pananampalataya, na nakakapit nang mahigpit.

“Buweno, kung gayon, kung hindi kayo yumukod, alam n’yo na ang utos ko.”

“Opo, alam namin ang iyong utos.”

“Ang kautusan ko ay na paiinitin ang pugon nang pitong ulit na mas mainit kaysa sa pinakamatinding naging init nito, at itatapon ko kayo roon sa loob. Gusto n’yo na bang yumukod?”

“Hindi. Hindi po kami yuyukod.” Hayun ang pananampalataya nila.

<sup>53</sup> Sabi ng Diyos, “Buweno, tingnan Ko nga kung ano ang gagawin nila tungkol doon. Titingnan Ko kung ano ang reaksyon ng kanilang pananampalataya.”

<sup>54</sup> Kaya sabi nito, “Igapos n’yo ang kanilang mga kamay, at igapos ang kanilang mga paa, at umpisahan nang dalhin sila sa pugon.” At lumakad sila patungo sa pugon na iyon, na nasa mga harapan na nila ang apoy. Nanatili pa rin ang Diyos, pinagmamasdan ito. Subalit tiyak nilang Siya ay Diyos. Nakapangumpisal na sila. Itinuwid na nila ang lahat, sa pagkakaalam nila. Tiyak sila na Siya ay Diyos.

<sup>55</sup> Kaya lumakad sila roon mismo sa naglalagablab na pugon. Doon mismo sa huling sandali, hayun na Siyang dumating na mula sa kalangitan, sa isang karwaheng hangin, inilayo sa kanila ang mainit na hangin, habang inaaliw Niya sila at kinakausap sila.

<sup>56</sup> Hinahayaan ng Diyos na humantong ang inyong pananampalataya sa punto kung saan magkakaroon iyon ng reaksyon.

<sup>57</sup> Nariyan si Job, ng Lumang Tipan, noong si satanas, ang ating taga-usig, ay pinaratangan siya na isang lihim na makasalanan. Subalit alam ni Job na hindi siya nagkasala. Alam niyang ikinumpisal na niya ang lahat ng kanyang nagawa, at naglatag na doon ng handog na sinusunog. Iyon ang hinihingi ng Diyos. Iyon lang ang hinihingi ng Diyos, ay ang sinusunog na handog na iyon at isang pagkumpisal. At ginawa ni Job ang mga bagay na iyon.

<sup>58</sup> At sinabi ni satanas, “Kukunin ko ang kanyang mga kamelyo, dahil isa siyang mayamang tao. Kukunin ko ang kanyang mga tupa.” At sa huli ay kinuha niya ang mga anak nito, ang pinakamalapit sa puso nito.

59 Gayunpaman, hindi nagbago ang pasya ni Job, dahil alam niyang ang Diyos, buweno, tiyak niyang Siya ay Diyos, sapagkat nakipag-usap siya sa Kanya, at nagawa na niya ang Kanyang mga ipinapagawa. Nagsaliksik siya at nalaman na, “Ginawa ko na ang bawat handog na sinusunog. Sinabi ko sa aking puso, ‘Marahil noong nagdaos ang aking mga anak na lalaki ng isang—isang pagdiriwang, at dumalo ang aking mga anak na babae, marahil lihim silang nagkasala sa kanilang puso, kaya maghahandog ako para sa kanila ng handog na susunugin at ikukumpisal ang kanilang pagkakamali.’”

60 O Diyos! Kapag tinutupad ng isang tao ang sinabi ng Diyos na gawin nito, na natitiyak nitong Siya nga ay Diyos, kinakailangan Niyang tumugon. Tinatawag Siya ng pananampalataya sa tagpo, sa tuwina.

61 Kapag nagawa mo na ang alam mong tama, kapag natupad mo na ang Kanyang mga ipinapagawa, kapag nangumpisal ka na at itinama, at isinauli na ang mga dapat isauli, at inilatag na iyon sa harapan ng Diyos. Walang anuman sa akin gaano pa man Siya katahimik, Diyos pa rin Siya, na naghihintay na gamitin mo ang pananampalatayang iyan doon. Natapos mo na ang iyong mga gawain, ngayo’y gusto naman Niyang makita ang iyong pananampalataya sa pamamagitan ng iyong mga gawa. Nais Niyang makita kung ano ang gagawin mo.

62 Kung napahiran ka na at naipanalangin na, hinihintay ng Diyos na makita kung ano ang paniniwalaan mo tungkol dito. Hindi’yung lalapit ka sa susunod na Linggo, at lalapit kinabukasan, at pag dumating ang susunod na naman na tagapagpagaling sa siyudad. Hinihintay Niyang makita ang reaksiyon mo sa iyong pananampalataya. Hindi’yung aatras, kinabukasan, at sasabihin, “Napakasama ng pakiramdam ko, sa palagay ko’y hindi naman ako napagaling.” Hindi ka pa dapat nasa linya para sa pagpapanalangin, una pa lang. Hindi pa. Hindi pa. Hindi ka pa nakahanda. Hindi ka nananampalatayang Siya ay Diyos. Hindi ko . . .

63 Maaaring sabihin mo, “Kapatid na Branham, hindi ako sang-ayon sa iyo.” Pinatutunayan ng sarili mong kilos kung ano ka. “Sa kanilang mga bunga ninyo sila makikilala.” Kung sinasabi ng isang tao na Cristiano siya; at umiinom pa rin siya, at naninigarilyo, at nagsusugal, at nagkukuwento ng mahahalay na biro, at nagsasabing, “Isang bahagi ng Biblia ay tama, at ang isang bahagi ay hindi.” Maaaring ipangaral niya ang Ebanghelyo, at itatanggi ang isang bahagi ng Biblia. Makasalanan pa rin siya. Hindi pa siya matuwid.

64 Subalit kapag hayagan mong ipinapahayag na ang Diyos ay siya pa ring Diyos, at ang iyong buhay ay inilagay mo na sa Kanyang mga kamay, na maging, “Panginoon, ako ang luwad; Ikaw ang Magpapalayok,” kung gayo’y hilingin mo ang iyong

nais. Hinding-hindi matitinag ang pananampalataya. Tatayo 'yon doon mismo.

<sup>65</sup> Bagama't ang mga pangyayari ay waring dumarating nang kabi-kabilaan, subalit hindi natinag ang pananampalatayang iyon, dahil sigurado ka na Siya ay Diyos. At kung Diyos nga Siya, tinutupad Niya ang Kanyang pangako. Hindi Siya maaaring mangako at sisirain iyon. Kung Diyos Siya, tiyak na tutuparin Niya ang Kanyang pangako. Oh, gustung-gusto ko 'yan. Tiyak na mananatili Siya roon.

<sup>66</sup> Ginawa ni Job ang kanyang mga paghahandog; ginawa na niya ang lahat. Alam niyang matuwid siya. At heto't dumating ang mga miyembro ng iglesya, ang ilan sa mga iglesya ng ibang mga denominasyon, sabi, "Job, mabuti pang ikumpisal mo nang isa kang makasalanan, sapagkat hindi hahayaan ng Diyos na maparusahan ka nang ganito maliban na isa kang makasalanan."

<sup>67</sup> Subalit sinabi ni Job, "Ipinahayag ko na ang aking mga kasalanan. Ang handog na sinusunog ay inilagay ko na doon sa harapan ng Diyos, at hindi ako isang makasalanan." Alam niya kung saan siya nakatayo. Pagkatapos ay nagpatuloy ang lahat, basta nagpatuloy lang nang nagpatuloy nang nagpatuloy, nang sadyang puno ng kabigatan, pinipilit na papanlupaypayin si Job, at gipitin si Job hanggang sa punto na para itakwil niya ang Diyos at itakwil ang handog na iyon na sinusunog. Sa mismong sandali na gawan mo pa ng paraan ang anumang bagay na ipinahayag mo na, ipinapakita nun ang iyong kahinaan, ang iyong pag-aalinlangan sa Diyos. Hihiling ka sa Diyos ng anumang bagay, at magpapalakad-lakad kang pinag-aalinlanganan iyon, kung gayo'y isa kang mapag-alinlangan at hindi isang mananampalataya.

<sup>68</sup> Alam ni Job kung saan siya nakatayo, at buong tatag siyang tumayo sa pundasyong iyon.

<sup>69</sup> Hindi nakapagtata kang sinabi ni Pruitt, noong oras ng kanyang pag-aagaw-buhay:

Kay Cristong matibay na Bato, ako'y tumatayo;

Ang iba pang lupang tungtungan ay buhanging gumuguho.

<sup>70</sup> Sa matibay na batong iyon ng pagpapahayag ni Job, maging ang minamahal niyang asawa ay tumalikod na. Noong bagsak na ang kanyang kalusugan, at punung-puno na siya ng mga pigsang, at kinayuran niya ang kanyang sarili at isinumpa ang araw ng kanyang pagkasilang. Sabi, "Ni huwag nawang sumikat ang araw! Manatili nawang wala ang buwan sa gabi."

Sabi ng kanyang asawa, "Job, napakamiserable mo na. Bakit hindi mo na lang sumpain ang Diyos at mamatay ka na?"

71 Sabi niya, “Nagsasalita kang gaya ng mga hangal na babae.” Tiyak siya na may isang Diyos, at nagawa na niya ang mga kailangan. Oh, pakiramdam ko’y relihiyoso. Alam niyang nagawa na niya ang mga hinihingi ng Diyos, at iyon na ’yon. Sinusubukan ng Diyos ang kanyang pananampalataya. Susubukin Niya rin ang sa iyo. Susubukin Niya ang sa akin.

72 Subalit kung nagawa na natin ang mga hinihingi Niya, “Mangagsisi ang bawat isa sa inyo at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob na Banal na Espiritu,” iyon ang Kanyang pangako. “Kung may sakit ang sinuman sa inyo, ipatawag ninyo ang mga matatanda ng iglesya. Hayaan silang pahiran sila ng langis, at ipanalangin. Ang panalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa may sakit, at ibabangon sila ng Diyos.” Iyon na ’yon. “Mangagpahayagan kayo ng inyong mga kasalanan, sa isa’t isa, at magpanalangin sa isa’t isa.” Nagawa mo na ang mga hinihingi ng Diyos.

73 “Ang mga tandang ito ay lalaking sa mga nagsisisampalataya. Magpapalayas sila ng mga demonyo sa Aking Pangalan; magsasalita sila ng bagong wika; kung makahawak sila ng mga ahas o makainom ng mga bagay na nakamamatay, hindi iyon makasasama sa kanila; kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila’y gagaling.” Iyon na ’yon.

74 Maging tiyak kayo sa Diyos. Tiyakin n’yo, na sa inyong puso, na sinasampalatayanan ninyong iyon nga ang Salita ng Diyos. Ganoon si Job.

Sabi ng kanyang asawa, “Bakit hindi mo na lang Siya sumpain at mamatay ka na? Aba, palala ka nang palala sa tuwina.”

75 Talagang gusto ni satanas na ibinabato ’yan sa inyo. “Aba, wala ka namang ipinagbago mula nang pahiran ka. Wala ka namang ipinagbago mula nang ipanalangin ka ng mga mangangaral na iyon. Hindi tama ang mga mangangaral na iyon, una pa lang.” Hindi mahalaga ang tungkol sa mangangaral na iyon. Ang pananampalataya mo sa buhay na Diyos, ang siyang mahalaga. Hindi ang kung ano ang mangangaral; ito’y kung ano ang Diyos. Hindi ’yung mangangaral ang nangako; ang Diyos ang nangako. Hindi nakasalalay sa mangangaral; iyon ay nakasalalay sa Diyos, at sa iyong pananampalataya na maniwala na iyon nga ay ang Diyos. Kaya maging tiyak kayo sa Diyos. Tiyakin n’yo na iyon nga ang Diyos, at iyon ang Salita ng Diyos. At ang Diyos ay nasa Kanyang Salita.

76 At sinabi ni Job, “Nagsasalita kang gaya ng hangal na babae.” Sabi, “Ang Panginoon ang nagbigay, at ang Panginoon ang nag-alis; purihin ang Pangalan ng Panginoon.” Tiyak niyang may Diyos.

<sup>77</sup> At nang ilabas niya iyon sa kanyang bibig, nagsimulang dumagundong ang mga kulog at nagsimulang kumislap ang mga kidlat. Kumilos ang Diyos sa eksena. Lagi Siyang tinatawag niyon sa eksena. Nanatili Siyang tahimik nang matagal na panahon.

<sup>78</sup> Iyon ang ginagawa Niya. Tingnan n'yo itong santambak ng mga patungong impiyernong Amerikano, nagsisimbang mga ipokrito. Hindi ako galit. Subalit ginagalit ng kasalanan ang sinuman na matuwid sa Diyos. Hindi ako galit sa bansa, hindi ako galit sa mga tao, kundi galit ako sa diablo na naging sanhi ng mga bagay na ito upang bulagin ang mga tao.

<sup>79</sup> Itong mga bulag na pastor at mga mangangaral na hinahayaan silang makalusot gamit ang kung anong uri ng ganoong teolohiya na gawang-tao. Kailangan ninyong maipanganak na muli. At tinutupad ng Diyos ang Kanyang Salita. Nakikita ito na kanya silang dinadaya. Kinakailangang siguraduhin mong may Diyos. “May anyo ng kabanalan, at tinatanggihan ang Kapangyarihan nito.”

<sup>80</sup> Itong kawawang munting babae, alam niya na Siya ay Diyos. Habang ang laman ng gusi na 'yon ay papaunti na, nang papaunti, nang papaunti, nang papaunti, tumindi nang tumindi ang mga pangyayari, sa tuwina. Subalit hinahayaan ng Diyos na humantong iyon sa ganoon. Gustung-gusto Niya talagang gawin ang ganoon. Gustung-gusto Niyang sinusubok ang inyong pananampalataya, upang makita kung paano kayo kikilos rito, pahihintulutan kayong mapahiran at maipanalangin, pagkatapos ay mas palalalain kayo. Sabi, “Sige, satanas, subukin mo siya. Alam Kong nananampalataya siya sa Akin.” Purihin ang Diyos magpakailanman! Oh, naku! [Ipinalampak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay nang dalawang beses—Pat.] “Subukin mo siya ngayon. Alam Kong pinaniwalaan niya ang Aking Salita rito.” Masasabi Niya rin ba ang ganoon tungkol sa inyo?

<sup>81</sup> Sinabi Niya ang ganoon tungkol kay Job. Sabi, “Gawin mo ang anuman sa kanya na nais mo, ngunit huwag mong kukunin ang kanyang buhay, sapagkat alam Kong mahal niya Ako. Naghandog na siya ng haing sinusunog. Ginawa na niya ang mga kinakailangan. Ginawa na niya ang mga sinabi Kong gawin, at sinasampalatayanan niya iyon. Ngayon ipagulong mo pa siya sa mga baga kung gusto mo.” Kinuha nito ang lahat-lahat sa kanya. Dinoble naman iyon ng Diyos noong ibalik Niya iyon sa kanya. Sigurado, gagawin nga Niya.

<sup>82</sup> Sinusubok Niya ang ating pananampalataya, upang makita kung tunay ngang sinasampalatayanan nating Siya ay Diyos.

<sup>83</sup> Ang munting babaeng iyon, walang alinlangan, ay nagsabi, “Nanalangin ako. Nanalangin ako. Alam kong isa akong di-karapat-dapat na Gentil.”

<sup>84</sup> Maaalala n'yo, tinukoy siya ni Jesus sa Biblia. Sabi Niya, "Hindi ba't maraming mga balo noong panahon ni Elias? Subalit isinugo lamang siya sa isa, at isa itong Gentil."

<sup>85</sup> "Oh," sabi niya, "dumadalangin ako." Marahil, noong makita niya ang huling maliit na tinapay na iyon, ay nakapasok na ang kamatayan sa tarangkahan at pumasok na sa pintuan. Isang kagat na lang, na kapiraso, at siya at ang kanyang anak ay patay na. Para ko nang nakikita siya, na magdamag, na nananalangin, umiihip ang mainit na mga hanging iyon, at tuyot na ang lupa, at nagsisiyak at sumisigaw ang mga tao sa mga lansangan. Nagpalakad-lakad siya, sa buong bahay. Tiningnan niya ang kanyang munting anak. Tiningnan ang mumunti nitong pajama; kutod na iyon, at nakalabas na ang mga paa nito. Tiningnan ang sarili niyang mga kamay, kulubot na. Nagpabalik-balik siya, ngunit sabi niya, "Alam kong Siya ay Diyos. Ikinumpisal ko na ang lahat. Ginawa ko nang lahat ang hinihingi Niya. Humihiling ako para sa aming mga buhay, para sa Kanyang ikaluluwalhati." Nakita siya ng Diyos.

<sup>86</sup> Ang iba pa sa kanila noo'y lumalabas at nagdaraos ng isang magarbong sayawan sa kung saan, pinapaganda ang kanilang mga sarili, may mga makabagong palabas sa telebisyon o kung ano, nagpapatuloy na kasa-kasama ng sanlibutan. Subalit ang babaeng iyon ay mag-isang kasama ang Diyos.

<sup>87</sup> Sumikat na ang araw. Sabi niya, "Umiyak nang magdamag ang munting bata, nanghingi ng makakain. Ano kaya ang magagawa ko sa isang maliit na dakot na harina?"

<sup>88</sup> Alam n'yo, ang harinang iyon ay si Cristo. Alam ng sinumang mag-aaral ng Biblia na si Cristo ang Handog na Harina. At kinakailangang magiling ang handog na harinang iyon ng isang natatanging gilingan, rin, hanggang sa madurog nito ang bawat maliit na piraso ng mais nang pare-pareho; sapagkat si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. At bawat mananampalataya ay sinasampalatayanan iyan at nakasandig rito. Hallelujah! Sa iyo nang lahat ang iyong lumang, malamig na pormal na relihiyon na naisin mo. Para sa akin, nananampalataya ako na si Cristo ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Naninindigan ako sa mundo ng mga walang kinikilalang Diyos. Naniniwala pa rin akong Siya ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

<sup>89</sup> Ang mga gilingan na iyon ay dinudurog ang bawat katiting nito nang pare-pareho, sapagkat Siya ay siya pa rin. Siya ay siya pa ring Diyos gaya Niya noon, gayon pa rin Siya ngayon, sa umagang ito. Magiging gayon pa rin Siya sa tuwina. Iyon ang ibig sabihin nung harina.

<sup>90</sup> At ang langis ay nangangahulugang ang Espiritu, gaya ng alam na natin ayon sa Ezekiel 4, at iba pa. Iyon ang dahilan kaya nagpapahid tayo ng langis; iyon ang Espiritu. Ano ito?



Gaya ng San Juan 4, “Sapagkat hinahanap ng Ama ang gayong mga sumasamba sa Kanya sa Espiritu at sa Katotohanan.” Si Jesus ang Katotohanan. Siya ang Handog na Harina, at ang langis na ito ay ang Espiritu. At ang Espiritu, na inihalo sa Katotohanan, ay tiyak na may mabubuong bagay. Paghaluin mo iyon, magagawa iyon na tinapay. Oh!

<sup>91</sup> Nasaan ang iyong pananampalataya? Kapag naipangaral ang Salita ng Diyos sa kasimplehan Nito, bagama’t nasa Kapangyarihan Nito, na si Jesus Cristo ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, at maipahayag ang Salita na bilang Harina, mayroon kayong Langis upang ihalo Rito. Maaaring maliit na sandakot lang ito, o isang kutsara, ngunit, ano pa man ito, ito’y totoo.

<sup>92</sup> Ngayo’y para sa ano na ito nakahanda? Nakahanda na ito para sa krus. Handa na ito para sa pagsasakripisyo ng sarili. Iyon ang kailangan ninyong gawin. Kung naipangaral na ang Salita, at ang Espiritu at Ito ay napaghalo na ninyo, pagsasakripisyo iyon sa sarili na itakwil ang bawat sakit, na itakwil ang bawat karamdaman, na itakwil ang lahat ng bagay na salungat sa Salita ng Diyos, at tumayo rito.

<sup>93</sup> Sinasabi man ng doktor ang *ganito*, *ganoon*, o ang *iba pa*; walang anumang kaibahan. Manindigan ka Rito, dahil sinabi iyon ng Diyos. Dumating ang Harina. Mayroon ka nang Langis. Paghaluin mo iyon.

<sup>94</sup> Ngayon, naririnig ko ang isang tinig. Kasisikat pa lang ng araw. Isang tinig ang nagsalita, at nagsabi, “Pumunta ka roon sa bakuran at kumuha ng dalawang patpat.” Napansin n’yo ba, sinabi ng Kasulatan na “dalawang patpat”? Ang krus. Mayroon na siyang harina at langis, subalit tatawagin na siya, upang kumilos na ngayon; kikiilos na gamit iyon. Gaano man karami ang mayroon ka, gaano man karaming Harina at Langis na kailangan mo, subalit kailangan mong kumilos; pagsasakripisyo ng sarili.

<sup>95</sup> Dalawang patpat. Noong araw wala na silang mas iinam pang paraan para makagawa ng apoy. Kapag kumuha ka ng isang patpat at ipinatong iyon na pahalang sa isang patpat, sindihan iyon sa gitna, pagsalubungin mo nang pa-krus ang parehong dulo. Pinagliliyab ng mga Indian ang kanilang apoy. Nakapagpaliyab na ako niyon, nang maraming beses, magdamag. Kumuha ka lang ng kahoy, at iyon ay *paganito*, at ang isa ay *paganoon*, at basta patuloy mo lang na itulak iyon sa apoy habang nagliliyab iyon.

<sup>96</sup> Ang patpat na iyon ay ang krus. “Dalawang patpat,” ang sabi ng Biblia. Sabi ng tinig, “Pumunta ka roon sa bakuran at kumuha ka ng dalawang patpat.” Nang sandali ring iyon, sa ibabaw ng bundok, dumagundong ang isang tinig pababa sa propeta at nagsabi, “Pumaroon ka sa bayan. Nag-utos na Ako.”

Oh, naku! Pareho silang sumunod. Tiyak na may magaganap. Pareho silang sumusunod.

<sup>97</sup> Kung ipinangaral ng mangangaral ang Salita, at ang taong tumatanggap Niyon ay sumasampalataya Roon at kumikilos base Roon, tiyak na may mangyayari. Kung isa kang makasalanang, tiyak na maliligtas ka. Kung may sakit ka, tiyak na gagaling ka, dahil ipinangako iyon ng Diyos, kung tiyak tayo sa Diyos.

<sup>98</sup> Kasing tiyak na Siya ay Diyos, ay ganoon din na kailangan Niyang tuparin ang Kanyang Salita. Tiyak! Pagkatapos ang utos ay, “Pumunta ka sa bayan, sapagkat inutusan Ko na ang isang balong babae.” Isang pangitain ang lumantad sa harapan ng propeta. Heto na siya, naglalakad. Hindi niya alam kung saan siya pupunta; hindi ‘yun mahalaga. Basta sumusunod lang siya.

<sup>99</sup> Hindi alam ng babae kung saan nakalagay ang mga patpat, subalit may dalawang patpat sa bakuran sa kung saan man. Nagsimula na siyang humayo. Lumabas siya sa bakuran. Naghanap-hanap siya, “Oh, napakainit!” Ang mga hiyawan mula sa bayan, ang mga gumagala sa gabi na nagsisipunta roon, nagkakangulo sa daan, umiinom ng kanilang mga alak, at kung anu-ano pa. Tumunghay siya sa lansangan. Wala siyang makita. Nakakita siya ng isang patpat; isang bahagi ng krus, pagsasakripisyo sa sarili. Nakakuha siya ng isa pang piraso, isang patpat. At nang damputin niya ang pangalawang patpat na iyon. . .

<sup>100</sup> O, napakapanglaw marahil niyon, naroroon na ang kamatayan sa may pintuan. Siya at ang kanyang anak ay kailangan na lang kumain ng isang kapisang tinapay na gawa sa mais at mamamatay na. Iyon na lang iyon. At kung minsan, mismong sa kalagitnaan ng kapanglawan, na naririnig natin ang tinig.

<sup>101</sup> Nang damputin niya ang pangalawang patpat na iyon at nag-umpisa nang bumalik, may tinig na nagmula sa may tarangkahan, sabi, “Dalhan mo ako ng kaunting tubig sa inuman.”

<sup>102</sup> Lumingon siya para tingnan, na hawak itong dalawang patpat sa kanyang kamay, napaghalo na ang harina at langis at nakahanda na. Sabi niya na inihanda na niya iyon, pinaghalo na iyon. Ganoon nga kung ano, ang Salita at ang Espiritu, ay kailangang maghalo. Mahimlay sa krus ng pagsasakripisyo ng sarili, na itakwil ang anumang salungat sa hiniling mo. Siyanga. “Pinaghalo ko na iyon, kukunin ko na ngayon ang mga patpat na ito.”

At sabi ng tinig na iyon, “Dalhan mo ako ng kaunting tubig, sa isang inuman.”

<sup>103</sup> Tumingin siya, at nakita niya ang isang lalaking nakatayo, na nakasandal doon sa kabila ng tarangkahan, payat ang pisngi,

may balbas, kalbo ang ulo, nakatanaw mula sa kabila ng tarangkahan, na nakabalot ng lumang piraso ng balat ng tupa. Tila ba mukha siyang mabait na matandang ginoo.

<sup>104</sup> Sabi niya, “Hahatian ko siya ng tubig ko.” Mga tubig ng Buhay, nakahanda kang ibigay iyon sa sinuman, na sabihin mo kaninuman, na magpunta ka kahit saan. “Sandali lang po, ginoo.” Nag-umpisa na siyang bumalik, na hawak ang mga patpat sa mga kamay niya.

<sup>105</sup> At dumagundong na muli ang tinig, “Hindi lang hatian ako ng tubig mo, kundi dalhan mo rin ako ng maliit na piraso ng tinapay sa iyong kamay.” Tinapay ng buhay; tubig ng buhay! Sa pagka-buháy ba ito? Di magtatagal ay mamamatay na siya pagkaubos niyon. “Dalhan mo ako ng iyong tubig at dalhan mo ako ng iyong tinapay.”

<sup>106</sup> Ano ang makikita natin dito? Anong aral ang makikita natin? “Hanapin muna ninyo ang Kaharian ng Diyos, at ang lahat ng Kanyang katuwiran; ang ibang bagay ay idaragdag na lang.”

“Dalhan mo ako ng kaunting tubig at isang pirasong tinapay.”

<sup>107</sup> Pagkatapos ay bumaling siya, sa kanyang kapanglawan. Naririnig ko pang sinasabi niya, “Ginoo,” para bang ganito, “iba ka sa mga taong nakita ko na, at sa mga taong naririnig kong nangungusap. Tila ba positibo ka sa sinasabi mo. Subalit mayroon lamang akong sapat na harina, iisang dakot lang, at iisang kutsara lang ng langis. Inihanda ko na iyon, at lulutuin ko iyon sa dalawang patpat na ito. At kakainin ko iyon, ako at ng aking anak, at mamamatay na. Iyon na lang ang mayroon ako.”

<sup>108</sup> Ano nang maririnig natin, kung gayon, pagkatapos? “Ngunit, dalhin mo sa akin ang maliit na tinapay, muna.” Ang Diyos, muna. Maging ano pa man ang sabihin ng iba, ano man ang iba pa, anumang katunayan, gaano man iyon tila kapanglaw, ano pa man iyon, piliin mo ang Diyos, muna. Ang Kanyang Salita, muna.

<sup>109</sup> “Sabi ng doktor na hindi raw ako mapapagaling.” Ngunit, ang Kanyang Salita, muna. “Lubhang makasalanan ako. Isa akong patutot. Isa akong sugarol. Isa akong lasenggo.”

Ang Salita ng Diyos, muna. “Bagaman ang iyong kasalanan ay tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niyebe; mapula man na gaya ng matinkad na pula, ay magiging maputi na parang balahibo ng tupa.” Una muna, ang Diyos.

<sup>110</sup> “Humayo ka, dalhan mo ako ng maliit na tinapay, muna. Lahat ng nasa iyo, dalhin mo iyon sa akin.” Nakahanda ka bang ibigay iyon sa Kanyang mga kamay?

<sup>111</sup> Ang buhay ko, lahat ng ako. Ako’y limampung taong gulang na. “Nakahanda ka ba, William Branham, na ilagak iyan sa

Akin? Nakahanda ba kayo, kayong mumunting mga anak, na ilagak ang inyong buhay sa Akin? Nakahanda ba kayo? Kaya ba ninyong gawin iyon, mga taong may karamdaman? Mapagkakatiwalaan n'yo ba Ako? Unahin n'yo muna Ako."

<sup>112</sup> "Dalhan mo ako ng isang pirasong tinapay sa iyong kamay, at dalhan mo ako ng kaunting tubig." Tiningnan niya ito. May isang bagay na nagsabi sa kanya na alam ng lalaking iyon ang sinasabi nito.

Kilala ng Diyos ang Sarili Niyang mga tupa. "Kilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig. Alam nila kung iyon ba ay Kasulatan o hindi, kung iyon ba ay tama o hindi."

<sup>113</sup> Humayo siya, bilang pagsunod. Ganoon ang kailangan ninyong gawin. At nang humayo siya, upang sundin ang sinabi ng propeta na gawin, saka dumating ang kulog mula sa Langit, na hinahanap na marinig ng bawat tao. Sapagkat, may lumalabas na isang kulog mula sa tinig ng propeta, na inaasam na marinig ng bawat makasalanan at bawat taong may sakit, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON."

<sup>114</sup> Gaano natin inaasam na marinig Iyon! Kung papaanong nauupo ang mga tao sa may daanan ng garahe ko, sasabihin, "Pumunta ka sa pintuang ito. Ang anak kong babae ay nasa *ganito*. Ang sanggol ko, naku, napakahina na. Sabihin mo lang ang salita." Papaano mo iyon masasabi bago pa iyon mapasa bibig mo? Magiging ikaw lang mismo ang nagsasabi niyon. Subalit inaasam nilang marinig iyang, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON."

<sup>115</sup> Hayun na iyon, sa kabila ng bakod, dahil siya ay sumusunod. At naglaho ang kapanglawan. "GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Ang gusi ay hindi makukulangan, ni ang banga ng langis man ay matutuyo, hanggang sa araw na magpaulan ang Panginoong Diyos sa lupa." Oh, anong kaaliwan!

<sup>116</sup> Ginawa niya ang tinapay. Ibinigay niya iyon sa propeta. Bumalik siya at gumawa ng ilan para sa kanyang anak at sarili niya. At kumain sila at uminom, ng sagana, sa ibabaw ng lupa.

<sup>117</sup> Saan ba iyon nagmula? Paano iyon napunta roon? Sabihin ninyo sa akin nang batay sa siyensiya kung saan nanggaling 'yung harina. Saan nanggaling 'yung langis? Paano napunta ang mga iyon doon sa banga? Ibinubuhos na niyang lahat-lahat iyon, bawat umaga. Sinasaid niya ang gusi ng harina, bawat umaga, at tuyo na iyon. Subalit pagbalik niya para kumuha pa, naroroon pa rin 'yon. Saan iyon nagmula? Sampalatayanan mo ang Diyos sa Kanyang Salita. Maging tiyak ka sa Diyos. Siya ang Manlilikha.

<sup>118</sup> Maaaring nawala na sa iyo ang kalusugan mo. Maaaring nawala na sa iyo ang iyong pakikipag-fellowship. Sampalatayanan mo Siya sa Kanyang Salita. Maging tiyak ka na Siya ay Diyos. Ang mga tila ba mapanglaw na panahon ngayon, ay maaaring hindi na ganoon kapanglaw kung

sasampalatayanan mo lang ang Kanyang Salita at maging tiyak ka na Siya ay Diyos.

<sup>119</sup> Sa Alemanya, minsan, ay nakakita ako ng isang larawan, at noon pa ma'y tumatak na iyon sa akin. Ipininta ng isang Aleman na pintor ang . . . ang isang larawan na—na tinatawag na “Ang Lupain Ng Mga Ulap.” At kapag nakita n’yo iyon, sa malayo, iyon na ang pinakanakakatakot na kadiliman na nakita n’yo kailanman. Mga ulap lang na makapal na pinagpatungpatong, kapag tinitingnan mo iyon mula sa malayo. Ngunit kapag nakalapit ka na nang husto roon, nagbabago iyon. Iyon ay mga pakpak ng mga Anghel na sabay-sabay na kumakampay, sa pag-awit ng mga hallelujah sa Panginoon. Kaya ganoon ang kapanglawan kung minsan. Kung titingnan mo iyon, sa malayo, para ba itong mapanglaw at madilim. Subalit sampalatayanan mo ang Diyos sa Kanyang Salita at maging tiyak ka na Siya ay Diyos, at lumapit ka pa rito, malalaman mo na mga pakpak lamang ng mga Anghel iyon na kumakampay nang sabay-sabay.

<sup>120</sup> Siya’y para bang katulad noon ni Abraham, tinawag upang ibigay ang lahat ng mayroon siya, ilapag iyon sa altar ng pagsasakripisyo. Marahil tinatawag ka nang ganoon, ngayong umaga. Isuko mo na ang iyong masasamang gawi. Isuko mo na ang iyong di-pananampalataya. Isuko mo na ang lahat ng bagay na mayroon ka. At saka mo kunin ang Langis at ang Salita, at paghaluin mo Iyon, at ilagay Iyon sa altar ng pagsasakripisyo sa sarili. Malalaman mo, tatawagin Niyon ang Diyos sa eksena, kasing tiyak ng nakatayo ako sa pulpitong ito.

Ispina n’yo iyon habang tayo’y nananalangin.

<sup>121</sup> May pangangailangan ba kayo ngayon? May pangangailangan ba kayo na higit sa kayang makamtan ng inyong pisikal? Halos wala na bang pera na hindi na ninyo mabayaran ang inyong upa? Gusto ba ng mga bata ng bagong sapatos, at wala kayong pera para mabili ang mga iyon? Said na ba ang gusi sa inyong bahay, at ang banga ay halos matuyo na? Hindi ba kayo makabili ng pampakain sa mga alaga ninyong hayop? At, mayroon ba, may problema ba? Alalahanin n’yo, Siya ay nangako.

<sup>122</sup> May sakit ba kayo, at sabi ng doktor na kailangan ninyo ng operasyon? Wala ba kayong pera para magawa iyon? May pangangailangan kayo.

<sup>123</sup> Kayo ba ay makasalanang? Napakalaki ba ng inyong pangangailangan, na nalalaman n’yong kung tatawagin na kayo ng Diyos, sa araw na ito, ay hindi kayo ligtas? Kayo ba ay isang backslider na tumatakas palayo sa Diyos? At alam ninyong kabilang kayo sa isang iglesya, ngunit alam ninyong hindi kayo tama? Sinasabi ng mismong konsiyensya ninyo, ayon sa Salita, na hindi kayo tama. At may pangangailangan kayo. Huwag ninyong hayaang mahulog ang mga salitang ito sa matitinik na

lupa, o sa mga bato, mabatong mga puso. Mahulog nawa ang mga ito sa mabuti't matabang lupa.

<sup>124</sup> Kung kayo'y may sakit at kayo...sinasabi ng doktor na hindi ka na mapapagaling pa, at nangangako ka sa Diyos na paglilingkuran mo Siya sa lahat ng mga araw ng buhay mo, at tiyak mo na Siya ay Diyos, lumapit ka at katagpuin ang hinihingi Niya. Kung may pangangailangan ka, maaari mo ba munang gawin na itaas lang ang iyong kamay sa Diyos, na may pangangailangan kang isang bagay? Pagpalain kayo ng Diyos.

Tayo'y manalangin.

<sup>125</sup> O Panginoon, sadyang kasing tiyak ng naririto ako sa pulpitong ito ngayong umaga, nalalaman kong wala ni isa sa mga kamay na iyan ang maitataas nang hindi Mo iyon nalalaman, sapagkat Ikaw ang Diyos. Sinabi Mo, "Hindi ba't ipinagbibili ang napakaraming maya ng dalawang beles? Gaano kayong mas mahalaga pa kaysa sa isang maya!" Gaano pa kayang nakita Mo ang mga kamay niyaong mga mortal na nilalang, na pinagbuwisan ng buhay ng Iyong Anak na si Jesus! Gaano pa lalo na mas nakita Mo po ang kanilang mga kamay kaysa isang maya, kung nahulog iyon ngayong umaga! Sa palagay ko, para sa isang dosenang maya, ay hindi bibilhin kahit sa halagang isang sentimo ngayong umaga, dahil walang may gusto sa mga iyon. At magkakaroon pa ng problema sa paglilibing sa mga iyon. Ngunit alam Mo po ang bawat isa sa mga iyon; alam Mo ang bawat balahibo na nasa kanilang katawan. Alam Mo ang bawat buhok na nasa aming ulo.

<sup>126</sup> O Panginoon, tumugon Ka sa panalangin. Hayaan silang maging tiyak, ngayong umaga, na Ikaw ay Diyos, at Ito ang Iyong Espiritu. Nawa ang kapanglawan at nakakabighaning hatak ng modernong relihiyon na ito ay maalís na sa kanila, na nagsasabing, "Oh, kabilang ako sa kung anong *ganitong* iglesya." Diyos, maglaho nawa iyon sa kanilang pag-iisip, ngayon din. Sa isang sandaling ito, makasilip nawa sila sa Walang Hanggang Buhay. At pagkatapos ay kanilang hanapin at hangarin Ito, na malaman kung ano ang Diyos, at tiyak nila na Siya nga ay Diyos. Tinutupad Niya ang Kanyang Salita.

<sup>127</sup> Sa makasalanan, magsisi nawa sila kaagad, maghanda na para sa bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. At Iyong ipinangako na ipagkakaloob Mo sa kanila ang Banal na Espiritu. Sinabi Mo po iyon, Panginoon. Tinutupad Mo ang Iyong pangako.

<sup>128</sup> May isang backslider na nakakatiyak na Ikaw ay Diyos, at nagpalaboy-laboy na sila. Lumapit nawa sila ngayon, sapagkat sinabi Mo, "Bagaman ang inyong mga kasalanan ay tila mapula, ang mga ito'y magiging mapuputi na parang niyebe. Mapulang gaya ng matinkad man na pula, ang mga ito'y magiging mapuputi na parang balahibo ng tupa."

<sup>129</sup> At kung mayroon mang mga may sakit, mapagtanto nawa nila na Ikaw ay Diyos. Tinutupad Mo ang Iyong Salita. Kinakailangan Mong tuparin ang Iyong Salita. Habang inihihimlay nila ang kanilang mga sarili, taglay ang kanilang Langis, ang Espiritu na nasa kanila na nagpapahayag na sila'y nananampalataya. At saka, gayundin, na taglay ang Salita, ang Tinapay ng Buhay na humayo, si Cristo; na dinurog sa mga iyon, sa Lumang Tipan; at sa Bagong Tipan, upang ipakita na Siya ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ihalo nawa nila ang Salitang iyon sa Langis, Espiritu, na taglay nila, pagkatapos ay tumayo sa may altar, na nagsasabi, "Ito na lang po ang tanging mayroon ako, Panginoon. Dinadala ko ito."

Oh, gaano Mong pararamihin! Gaano nitong tatawagin ang Diyos ng kasaysayan sa tagpong iyon! Gaano nitong patitindigin si Jehovah, na nag-uumapaw ang puso, na, "May anak Akong susunod sa Akin. Sinubok Ko na siya, at pinatunayan niya na mahal niya Ako at sinasampalatayanan niya Ako. Tiyak niya na Ako nga ay Diyos." Sapagkat sinasabing, "Ang lumalapit sa Diyos ay dapat sumampalatayang may Diyos, at siyang tagapagbigay-gantimpala doon sa mga sa Kanya'y masikap na nagsisihanap." Ipagkaloob Mo po ito, sa oras na ito, habang inilalagak namin ito sa Iyo.

<sup>130</sup> At, ngayon, habang nakayukod ang ating mga ulo. At yaong mga nangangailangan ng anuman, maaari ba kayong tumayo, na nais na ilagay. . . Ngayon, kung hindi kayo tiyak na Siya ay Diyos. . . Kung tiyak ninyong Siya ay Diyos, tutuparin ang Kanyang pangako, kaligtasan, kagalingan, ano pa man iyon, kung tiyak ninyong Siya'y Diyos, tumayo kayo. Kung may iba pa kayong nais na maipanalangin, tumayo kayo. Kung kayo'y—kung tiyak ninyong Siya'y Diyos, ipaalam ninyo ang inyong kahilingan sa mga pagtitipon ng mga banal. Ginagawa ninyo iyon habang tumatayo kayo sa inyong. . . [Blangkong bahagi ng teyp—Pat.]

"Tiyak ako na Siya ay Diyos. Nananampalataya ako na tinutupad Niya ang Kanyang Salita. At tiyak ko na ang hinihiling ko. . . Ilalagay ko na ito sa ilalim ng Dugo, ngayon mismo." Kung gagawin n'yo iyon, ilapag ang bawat kasalanan. Ang bawat kasalanan ay di-pananampalataya. Maaaring miyembro kayo ng iglesya, ngunit ang tinutukoy ko ay kasalanan, ang inyong "di-pagsampalataya." Inilalapag ninyo ito bilang isang hain. Ihahandog ninyo iyon. Lumalapit kayo sa krus. Isasakripisyo na ninyo, ngayon, ang lahat ng inyong kawalang pananampalataya. At isuko iyon sa Kanya, at alam ninyo na Siya nga ay Diyos, at tiyak ninyong Siya ay tutugon. Kung ganoon kayo, itaas ang inyong kamay. Manatili sa ganoon.

<sup>131</sup> Panginoon, Ikaw ang Diyos. Narito ang kanilang Langis at ang kanilang Mais, na pinaghalo. Dinadala na nila Ito sa krus, kung saan bababa ang Apoy ng Diyos sa kanilang mga puso

(kung talagang taos sa kanila iyon) at susunugin ang haing iyon. Kikilos Ka sa tagpo, patutuyuin ang tubig sa katad ng hayop. Parating mula sa Langit, sa isang karwaheng Apoy. Yuyugyugin Mo ang buong sangkalangitan at sangkalupaan, upang gantimpalaan sila.

<sup>132</sup> Sa pagtayo nila na nakataas ang kanilang mga kamay sa ere, na pagpapahiwatig na sila'y nananampalataya, at inilapag na ang kanilang mga sarili, at bawat kahilingan na mayroon sila, mismo sa Iyong altar na. O Diyos ng Langit at lupa, ang Tagahatol ng Kalangitan at lupa, tunay na katuwiran ang gagawin ng Tagahatol ng Langit at lupa. Tunay na tutuparin Niya ang Kanyang Salita, Ikaw Na nakakaalam ng mga puso ng mga kalalakihan, ng mga puso ng mga kababaihan, ng mga puso ng mga taong ito.

<sup>133</sup> Panginoong Diyos, itinataas ko ang sarili kong mga kamay, sapagkat alam kong may pagbabago ako ng ministeryo ngayon. At nananampalataya ako na Ikaw nga ay Diyos. Nakita na Kita na nakatayo roon sa isang Haliging Apoy. [Kinatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang tatlong beses—Pat.] Nakita na Kita na sinaliksik ang mga lihim ng puso ng mga tao. Hindi Ka ni minsan nabigo. Ipinangako Mo iyon noong ginawa Mo iyon doon, sa kabilang ibayo ng lansangan rito, noong unang nag-umpisa Kang makipag-ugnay upang magawa ang mga bagay na ito. At pinangalagaan Mo ako sa paglibot sa mundo, at paulit-ulit sa paglibot. Nakatitiyak ako na Ikaw ay Diyos. Tiyak ko iyon.

<sup>134</sup> Inihahandog ko po ang aking sarili kasama ng mga taong ito, at ang handog ng lahat kong tinataglay, Panginoon, sa Iyo, para sa paglilingkod. Mag-uumpisa akong muli, Panginoon, na lumibot sa mundo. Tulungan Mo ako, O Diyos. Kung ako man ay di-sumampalataya sa Iyo sa anumang pagkakataon, patawarin Mo po ako sa aking mga kasalanan. Patawarin Mo ako sa di ko pananampalataya. At alam ko na Ikaw ay Diyos nga, at siyang tagapagbigay-gantimpala sa mga sa Iyo'y nagsisihanap.

<sup>135</sup> Ganoon din, ipinahahayag ko ang mga kasalanan ng aking mga tao, ngayong umaga, ang kanilang mga kahinaan at ang kanilang mga pag-aalinlangan, habang nakatayo sila na nakataas ang kanilang mga kamay sa ere. Ipinahahayag ko ang kanilang mga kasalanan, Panginoon, at ang lahat ng aming mga kahinaan. Isugo Mo po ang Banal na Espiritu sa amin, na may tatak ng Iyong pagpapatibay, na Ikaw ay Diyos. At naririto Ka ngayon upang tanggapin kami, at upang kami'y Iyong yakapin, at upang tubusin para sa amin ang lahat ng bagay na aming naiwala. Kung iyon man ay ang aming kalusugan, maipanumbalik nawa ito nang makaisang daang beses. Kung iyon man ay ang aming kaluluwa, mabago nawa ito sa amin na gaya ng namumukadkad, na kumikinang na bagay, puspos ng Banal na Espiritu, na ihahandog sa harapan ng Diyos. Kung iyon ay di-pananampalataya, bumalik nawa ito sa amin muli,



Panginoon, na may pananampalatayang makapagpapakilos ng mga bundok. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

<sup>136</sup> Sumasampalataya kami na Ikaw ay kumikilos, ang Espiritu Santo na pumupuno sa buong gusaling ito, sa mga taong ito, at sa kanilang mga puso, kinikilos sila na tanggapin ang buhay na Diyos. Ginagawa namin ito sa Pangalan ni Jesus Cristo.

My faith looks up to Thee,  
Thou Lamb of Calvary,  
Saviour Divine;  
Now hear me while I pray,  
Take all my sins away,  
Nor let me ever stray  
From Thee aside.

<sup>137</sup> Totoo ba iyon sa inyo? Tinatanggap ba ninyo ito? Itaas ninyo ang inyong kamay, sabihin, “Tinatanggap ko na ito ngayon. Sumasampalataya ako.”

While life's dark maze I tread,  
And griefs around me spread,  
Be Thou my Guide;  
Bid darkness turn to day,  
Wipe sorrow fears away,  
Nor let me ever stray  
From Thee aside.


Iyukod natin ang ating mga ulo.

<sup>138</sup> Pagkatapos nitong mahigpit at matinding humihiwa na Mensahe; nakakasakit, at ipinahayag sa magaspang na paraan, ngunit ito ang Katotohanan. At kung may pagpapakumbaba ninyong sinasampalatayanan ang inyong hiniling, na inyong matatanggap, huwag na huwag ninyong hayaan ang anuman na itulak kayo mula sa tuwid na daang iyan. Tumayo kayo rian mismo. Kahit gaano man ako mangaral, anuman ang gawin ko, o anuman ang gawin ng sinumang tao, hindi iyon kailanman uubra hanggang sa tanggapin n'yo iyon bilang sarili ninyong pag-aari.

<sup>139</sup> Sampalatayanan ninyo iyan nang buong puso ninyo, ang lahat ng inyong ninanasa. Kung ipinahayag na ninyo ang inyong mga kasalanan, pinatawad na kayo ng Diyos. Huwag na huwag n'yo nang pag-aalinlangan pa iyon. Kung kayo ay isang backslider, ibinalik na kayo, ngayong umaga. Kung kailangan ninyo ang Espiritu Santo, kung gayo'y magpabautismo kayo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpatawad ng inyong kasalanan. Iyan ang Salita ng Diyos. Hindi Niya babaguhin Ito para sa anumang iglesya, anumang denominasyon, o sino pa mang iba. Kinakailangang maging ganoon iyon. Kailangan nating matugunan ang Kanyang mga hinihingi, hindi ang hinihingi ng iglesya, ang Kanyang mga hinihingi. Iyon ang dapat nating gawin.

<sup>140</sup> Sabi niya, “Ang panalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa may sakit.” Kung kayo man ay may sakit, dumalangin na ako ng panalangin ng pananampalataya para sa inyo. Ipinanalangin n’yo na iyon sa sarili ninyong puso. At sampalatayanan ninyo iyon, tanggapin iyon, huwag kayong magbago ng pasya tungkol doon. Kinakailangang maging gayon. Walang makaaagaw niyon, kahit gaano man kadilim magmistula iyon.

<sup>141</sup> Sasabihin n’yo, “Buweno, para bang mayroon pa rin akong sakit.” Hindi iyon. . . Mga pakpak lang iyon ng mga Anghel na magkakasama. Iyon lang. Iyon ang Diyos sa isang anyo ng pagpapala. Para bang madilim iyon sa iyo. Lumapit ka nang kaunti rito at tingnan mo itong muli, tingnan mo kung hindi nga ba’t ang Diyos iyon na nakatayo roon, na tinutupad ang Kanyang Salita.

<sup>142</sup> Ngayon habang nakayukod ang ating mga ulo, ibibigay ko na ngayon ang gawain kay Kapatid na Neville, ang ating pastor. 

*MAGING TIYAK KA SA DIYOS* TAG59-0125  
(Be Certain Of God)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Enero 25, 1959, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2014 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

**VOICE OF GOD RECORDINGS**  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)